

PROLOGUE

“Good morning, Sab,” bungad ni Jake nang makita ang dalagang kalalabas lang ng bahay.

“Ano na nama’ng ginagawa mo dito?” masungit na balik ni Sab.

“Sinusundo kita para sabay na tayong pumasok,” nakangiting sagot ng dalaga.

“Sinabi ko na sa ’yong tigilan mo na ’to. Ano ba’ng mahirap intindihin sa sinasabi ko?”

“Ano rin ba’ng mahirap intindihin sa sinabi kong maghihintay ako?”

“Wala kang mapapala sa akin. Wala kang hihintayin.” Inirapan nito ang lalaki.

“Bakit ba parang siguradung-sigurado ka sa sinasabi mo? Baka pagsisihan mo iyan kapag na-in love ka sa akin.” Ngumisi si Jake at pinagbuksan ng pinto ng sasakyan ang dalaga.

“Hindi ako sasabay sa ’yo,” pagsusungit ni Sab. Gayak na maglalakad na ito palabas ng subdivision nila.

“Alam ng mama mo na susunduin kita ngayon at magagalit iyon kapag nalaman niyang sinunod ko na naman ang gusto mo,” sabi niya at binuhat ang dalaga papasok sa sasakyan.

“Ano ba? Ibaba mo nga ’ko. Araw-araw na lang ba tayong ganito?” inis na sigaw ni Sab habang pinagpapapalo siya.

“Oo, araw-araw tayong ganito kung araw-araw mo rin akong tatanggihan. For goodness’ sake, two years ko nang ginagawa ito di ka pa ba nasasanay?”

Sa sobrang lapit ng mukha ni Jake ay hindi na nakapagsalita si Sab. Bumilis ang pintig ng puso ng dalaga. Inirapan na lamang nito uli ang lalaki.

Umikot na si Jake patungo sa driver’s seat para makaalis na sila. Pagkarating sa university ay agad bumaba si Sab.

“You’re welcome!” tumatawang sigaw ni Jake.

Hindi na siya nito pinansin.

Dalawang taon na ang nakakaraan, nagsimula ang ganitong set-up nila. Seryoso siya sa panliligaw kay Sab na pati ang buong pamilya nito ay nililigawan na niya. Pero matigas ang dalaga. Wala raw itong gusto sa kanya at kailanman ay hindi magkakagusto.

Gayunman, desidido at pursigido pa rin siya kaya patuloy niya itong sinusuyo. Kahit pa nilinaw na nitong wala siyang aasahan dito.

Hindi kaila kay Jake ang pinagdaanan ni Sab na iniisip niyang dahilan kaya ayaw nitong i-priority ang pag-ibig. Tatlong taon na ang nakakaraan, naghiwalay ang mga magulang nito at sumama sa ibang babae ang ama ng dalaga.

Bago iyon ay saksi si Sab sa halos araw-araw na pag-aaway ng mga magulang. At nang tuluyan silang iwan ng ama ay nangako itong magtatapos at itataguyod ang pamilya. Mayroon maliit na negosyo ang ina nito na kasalukuyang pinagkukuhanan ng kanilang ikabubuhay.

Kasama ni Sab sa bahay ang ina, nakababatang kapatid na lalaki, lola, at ang isa pang tiyahing tila hindi rin sinuwerte sa pag-ibig ngunit may anak na babae na kasama rin nila sa bahay.

“Malapit na ang graduation mo, Sab. Magtatrabaho ka ba agad pagkatapos?” usisa ni Lola Gracia nang naghahapunan na sila.

“Opo, La. Para po matulungan ko si Mama,” sabi niya.

“Sab, alam mong hindi mo kailangang magtrabaho agad. Kumikita pa naman ’yong grocery natin. Magpahinga ka muna,” anang kanyang ina.

“Ma, wala rin naman akong gagawin dito sa bahay. Saka may naghihintay na sa aking trabaho sa France.” Kitang-kita niya ang gulat sa mukha ng mga taong kasama sa hapag-kainan.

“France?” ulit ng ina.

“Opo. Kasama ko iyong isa kong kaklase. Kailangan ng tito niya ng bagong HR staff. Maganda po iyong offer. Tatlong taon lang naman po,” pagpapaliwanag niya.

“Tatlong taon?” klaro ng lola niya. “Sab, bakit naman sa France pa? Ang layo-layo noon. Sino’ng mag-aalaga sa iyo roon?”

“La, malaki na ho ako. Kaya ko na pong alagaan sarili ko,” magalang na sabi niya.

“Ewan ko sa ’yong bata ka, hindi mo man lang kami tinanong kung ano’ng opinyon namin. Nagdesisyon ka lang mag-isa. Wala na ba kaming halaga sa iyo?” nagtatampong pahayag ng matanda at umalis sa hapag-kainan.

“La!” Hahabulin niya dapat ito, pero pinigilan

siya ng ina.

“Hayaan mo muna siya. Alam mo na ayaw ko sa desisyon mo, pero susuportahan kita kung iyan talaga ang gusto mo. Saka mo na problemahin ang pagsuyo sa lola mo. Binigla mo naman kasi kami,” litanya ng ina.

“Thanks, Ma. Sorry. Promise, pagkatapos ng kontrata ko kahit gaano pa kalaki ang offer di ko na tatanggapin. Mag-iipon lang ako para di na natin problemahin ang pag-aaral ni Sean.”

“Ate, pwede naman akong mag-working student para di ka na umalis,” sabi ng kapatid.

“Hindi. Ang asikasuhin mo iyong pag-aaral mo. Bantayan mo rin sina Mama dito, huwag kang magpapasaway dahil lagot ka talaga sa akin,” bilin niya.

“Ate, kailan ba ako nagpasaway? Saka kahit di mo sabihin, babantayan ko sila dito lalo na ngayong may umaaligid dito kay Nicole.” Tumingin ito sa pinsan nila.

“Ate, hindi totoo iyan. Di ko nga pinapansin iyon, eh. Napakachismoso mo talaga.” Inis na binalingan ni Nicole ang pinsang lalaki.

“Mabuti kung ganoon. Magtapos ka muna bago ka mag-entertain ng lalaki para kapag iniwan ka kaya mo ring mag-isa,” sermon niya.

Nagkatinginan na lamang ang ina ni Sab at ang tiyahin niya.

“O, hijo. Nariyan ka pala. Halika at maghapunan ka na rin,” imbita ng mama niya nang makita si Jake na papasok ng pinto sa sala.

Naglakad ito palapit sa hapag.

“Kuya Jake, buti napadaan ka. Ang tagal na nating di naglalaro, ah,” masayang bati ni Sean dito.

Nakasanayan na ng mga tao sa bahay nila ang presensya ni Jake sa loob ng dalawang taong panliligaw nito. Botong-boto ang buong pamilya niya rito.

“Oo nga. Sorry, busy sa school. Di bale, pagkatapos ng graduation namin mas dadalasan ko pa lalo dito para makapaglaro tayo,” nakangiting sagot ni Jake.

“Huwag na muna siguro. Kay Ate ka muna laging sumama dahil kapag umalis iyan siguradong mami-miss mo,” sagot ni Sean.

Pinadilatan ito ni Sab sa kadaldalan nito.

“Ano’ng ginagawa mo dito gabi na?” tanong ni Sab sa nakakunot-noong binata.

“Aalis ka? Saan ka pupunta?” sa halip ay balik ni Jake.

“Hay naku, Jake, aalis ’yan para magtrabaho sa ibang bansa. Di ko nga alam sa batang iyan bakit kailangan pang umalis di pa naman kami naghihirap,” malungkot na pahayag ng ina.

“Ma, please? Mag-uusap lang kami ni Jake sa labas.” Tumayo na si Sab para hindi na makasali pa ang pamilya niya.

“Abroad, Sab? Bakit?” Nasa tinig ni Jake ang hinanakit at pagtutol.

“Malaki ang offer doon, mas madali akong makakaipon. Saka tatlong taon lang naman iyon.” Hinarap na niya ang binata kahit natatakot siya sa mga nararamdaman sa tuwing nagtatama ang kanilang mga mata.

“Tatlong taon? Ang tagal ng tatlong taon, Sab. Puwede ka namang magtrabaho dito. Kagaya ng sabi ng mama mo, di pa kayo naghihirap.”

“Alam ko, pero sayang iyong offer, at—”

“Puwede naman kitang tulungan kung pag-aaral ni Sean ang inaalala mo mo.”

“No, hindi ko iaasa iyon sa iba. Hindi ako katulad ng tatay ko,” galit na sagot na ng dalaga.

“Alam mong hindi ganoon ang ibig kong sabihin,” sagot ni Jake.

“Let’s stop this, okay? You know what, hindi ko naman kailangang magpaliwanag sa ’yo. So please stop lecturing me and acting as if you have the right to an explanation,” sigaw ni Sab na agad niyang pinagsisihan.

“Yeah, right. Oo nga pala. I’m not your boyfriend so I don’t have the right to ask why you’re leaving all of a sudden,” malungkot na sagot nito at tumalikod na.

Bumalik ito sa loob ng kanilang bahay para magpaalam bago tuluyang umalis. Gusto man niya itong habulin ay hindi na niya ginawa. Naisip niyang mabuti na rin ang nangyari para lubayan na siya nito.

1

Maagang gumising si Sab nang araw na iyon dahil hindi na siya umaasang susunduin pa siya ni Jake pagkatapos ng mga sinabi niya rito. Kailangan niyang makaalis nang mas maaga dahil magko-commute lamang siya. Nang makapagpaalam sa ina ay lumabas na siya.

Bumagal ang nagmamadali niyang paglalakad nang mabungaran si Jake. Hindi niya alam kung ano ang dapat sabihin o kung dapat pa ba siyang magsalita. Pagkalipas ng ilang minutong pagtitig sa kanya ay binuksan na nito ang pinto ng sasakyan.

“Please don’t argue with me kahit ngayon lang, just get in,” nagsusumamong saad nito.

Parang nahipnotismong sinunod na lamang niya ito.

Agad nitong pinaandar ang sasakyan. Sa biyahe ay walang nangahas na magsalita sa kanila. Naisip ni Sab na mas mabuti pa yata iyong nag-aaway sila kaysa iyong ganito na hindi man lamang siya tinitingnan ng binata.

Pagdating sa university ay hindi pa rin sila

nagkibuan. Wala nang klase at kukunin na lamang nila ang toga sa araw na iyon.

Hindi alam ni Sab kung paano pakikitunguhan ang binata. Sinasabayan siya nito kahit hindi naman sila pareho ng building na pupuntahan.

“H-hindi ka pa ba pupunta sa building n’yo?” nag-aalangang tanong niya.

“Hihintayin muna kitang matapos bago ako pumunta roon. Ayos lang ba sa iyong samahan mo rin ako?” Hindi pa rin siya nito tinitingnan.

“Jake, kaya kong mag-isa. Pumunta ka na sa building n’yo,” masungit na sabi niya.

Tila frustrated na pinasadahan ng binata ng kamay ang buhok nito. “Sab, can’t you see I am doing everything to be with you habang nandito ka pa? Alam ko wala lang ako sa ’yo, pero hindi tayo pareho ng nararamdaman. Gusto kong kasama ka lagi, oras-oras habang may pagkakataon pa ako kasi di ko alam kung pagbalik mo mag-isa ka pa rin or you’ll be with someone... never mind. Just bear with me while you are still here, please?”

Hindi maintindihan ni Sab iyong kirot sa puso na naramdaman nang marinig ang sinabi ni Jake. Wala nga lang ba para sa kanya ito? O pilit lang ba niyang

itinatanggi ang damdamin para rito?

Pakiramdam niya’y may tumusok sa kanyang dibdib dahil sa malungkot at nangungusap na mga mata ng binata. Hinayaan na lamang niyang samahan siya nito.

“Pare, himala kasama mo si Sab sa building natin ngayon. Kayo na ba?” usyoso ng mga kaibigan ni Jake nang dumating sila roon.

“I wish,” narinig niyang sagot ng lalaki. “Mukhang malabo na iyon, pare. Sige na, kukunin ko na ’yong toga ko para makaalis na kami. See you sa graduation day!” paalam ni Jake sa mga ito na isa-isang nakipag-high five dito.

“Bakit ako, Jake?” nahihiyang tanong ni Sab sa binata nang naglalakad na sila papasok sa office ng business department.

“What?” kunot-noong tanong ng binata.

“Bakit ako pa rin? I mean nilinaw ko naman na sa ’yo, di ba?”

“Kailangan ko ba ng rason para magustuhan ka? If I tell you, magbabago ba isip mo? Hindi ka na ba aalis?”

“Jake, napag-usapan na natin ’to.”

“Gusto ko lang gawin lahat ng puwede para mabago ang isip mo,” mahinahong sagot nito. “Wait for me here, kukunin ko lang iyong toga ko sa loob. I’ll be quick.”

Nang lumabas ito ay kasabay nito ang kaklaseng si Elaine. Usap-usapang malaki ang pagkakagusto nito sa binata. Hindi maitago ni Sab ang inis na naramdaman sa masayang tawanan ng dalawang papalapit sa kanya.

“Bye, Elaine. See you on our graduation day!” paalam ni Jake sa dalaga.

“Bye, Jake. Bye, Sab,” sabi ng dalaga.

Ngiti lamang ang isinagot ni Sab. Dumerecho na sila sa sasakyan ni Jake.

Parang pinipiga ang puso niya sa emosyong nakikita sa mukha ng binata sa tuwing nag-uusap sila. Hindi maitatangi ni Sab sa sarili, kahit paulit-ulit niyang itanggi sa ibang tao, ang tungkol sa nararamdaman para kay Jake. Sa loob ng mahigit dalawang taong panliligaw nito ay nabuwag nito ang pader na itinayo niya.

Napaniwala siya ng binata na hindi lahat ay katulad ng kanyang ama at kayang ibigay ni Jake ang buo at masayang pamilya na pangarap niya.

Maghihintay Ako - August Delgado

Ngunit hindi iyon sapat na dahilan para hindi ituloy ni Sab ang pag-alis. Wala siyang panahon para sa pag-ibig.

Isa pa, kung tunay ang nararadaman nito, mahihintay nito ang kanyang pagbabalik. Kung hindi, tatanggapin na lamang niyang hindi sila ang itinakda para sa isa't isa.

2

Nagkaroon ng maliit na salu-salo sa bahay nina Sab pagkatapos ng graduation ceremony. Iniisip ng dalaga kung makakarating si Jake dahil paniguradong may sarili rin itong selebrasyon.

“Congratulations, hija. Napakasuwerte talaga ng mama mo sa ’yo,” bati ng isang tiyahin na inimbita nila. Karamihan sa kanilang mga bisita ay mga pinsan ng ina.

“Salamat, Tita Marie. Ako rin naman po suwerte kay Mama,” sagot niya at niyakap ang ina.

“Tuloy na ba talaga ang alis mo para magtrabaho sa ibang bansa?” tanong ng Tita Belinda niya na sa abroad din naghahanap-buhay.

“Opo, Tita. Gusto ko rin pong may marating,” magalang na sagot ni Sab.

“Naku, Belinda, sinabi ko naman na hindi niya kailangang mangibang-bansa kaya lang mapilit itong batang ito,” sabi ng ina.

“Ma, hindi ko pa nalalambing si Lola tungkol sa bagay na ito kaya please suportahan n’yo na lang

ako,” nangingiting pakiusap ni Sab.

“Sab, mahirap ang magtrabaho sa ibang bansa. Malayo sa pamilya, wala kang kakilala roon. Walang mag-aalaga sa iyo,” ani Belinda.

“Tita, kaya ko po iyon. Makaka-adjust rin po ako, saka mag-iipon lang ho ako.” Nag-excuse siya sa mga ito. “Sige na ho, pupuntahan ko muna ang Lola sa kwarto niya. Hindi pa rin ho ako pinapansin. Lalambingin ko ho muna.” Nadaanan niya ang mga pinsan sa kanilang sala na nagkukulitan at nagkakantahan.

“Kumain pa kayo roon. Marami pang pagkain sa kusina,” sabi niya sa mga ito.

“Salamat, Ate. Kukuha na lang kami,” sagot ni Nicole.

Umakyat na siya papunta sa silid ng kanyang Lola. Kumatok siya sa pinto nito bago binuksan iyon at tuluyang pumasok. Nakita niya itong nakahiga na.

“La, alam ko hindi ka pa natutulog,” paglalambing ni Sab. Humiga siya sa tabi ng matanda at yumakap. “Lola, huwag ka nang magalit sa akin.”

“Hindi ako galit,” sagot nito, ngunit nanatiling nakatalikod sa kanya.

“Sabi ko na nga ba gising ka pa. Huwag ka nang magtampo, La. Lagi naman tayong mag-uusap saka mabilis lang iyong tatlong taon. Hindi n’yo po mamamalayan nandito na ako.” Hinigpitan niya ang yakap dito. “La, pansinin mo na ako.”

“May magagawa pa ba ako?” balik nito sa himig na nagtatampo pa rin.

“Lola, para sa atin naman po itong gagawin ko. Tatlong taon lang, La. Promise, di na ako aalis pagkatapos,” sagot niya.

“O, siya sige na. Nakapagdesisyon ka na. Basta, siguraduhin mo lang na tutuparin mo iyong pangako mo. Tatlong taon lang.”

“Ate,” tawag ng kapatid ni Sab mula sa labas ng silid. Mayamaya ay sumulpot ang ulo nito sa bumukas na pinto. “Nariyan si Kuya Jake,” nakangiting pahayag ni Sean.

“Sige, Sean, pakisabi sa Kuya Jake mo bababa na ang ate mo,” nangiting sagot ng matanda nang marinig ang pangalan ng binata.

Hindi iyon nakaligtas sa paningin ni Sab. Agad na bumaba si Sean.

Binalingan siya ni Lola Gracia na bumangon

na. “Sige na, bumaba ka na, hinihintay ka na ng kasintahan mo,” panunukso nito.

“Lola, hindi ko po boyfriend si Jake,” nakasimangot na sagot niya.

“Aba, eh di, sagutin mo na. Sige ka, kapag naunahan ka ng iba, ikaw rin. Napakaguwapo at napakagalang na bata pa naman niyan. Ano pa ba’ng hahanapin mo?”

“Hay, naku. Lola, kung hindi ko lang alam kung ilang taon kayo iisipin kong gusto n’yo si Jake eh,” pang-aasar ni Sab.

“Aba, kung kasing-edad ko nga lang iyong batang iyon at niligawan ako talagang sinagot ko na iyon. O siya, sige na. Hindi lang ako dapat ang nilalambing mo sa pag-alis mo. Kung gusto mo din siya, kausapin mo. Sigurado akong maiintindihan ka ni Jake.

“Hindi mahalaga kung gaano katagal ang hihintayin niya, ang importante may hihintayin siya. Baka kapag bumalik ka at nakahanap na ng iba si Jake, pagsisihan mo lang ang lahat,” sermon ni Lola Gracia.

Hinalikan ni Sab sa noo ang kanyang lola bago tuluyang lumabas ng silid nito.

Hindi siya dumerecho sa kanilang sala. Tinungo muna niya ang sariling silid para tingnan ang hitsura niya sa salamin. Naupo siya sa tapat niyon at napaisip. Tama bang paghintayin niya ang binata, kung siya mismo ay hindi sigurado sa nararamdaman?

Kung talagang seryoso ito, hindi magbabago ang nararamdaman nito. Sa ngayon, hindi iyon ang dapat na iniisip niya.

Nagpasya na siyang bumaba at harapin ito.

“Congratulations, Sab,” bati ni Jake at hinalikan siya sa pisngi. Nag-abot ito ng isang pumpon ng bulaklak.

“Congratulations, Jake. Salamat sa pagpunta. Kumain ka na?” ganting-bati ng dalaga.

“Yes, tapos na. Can we talk outside?”

Tumango siya. Nauna na siyang naglakad at naramdaman niya ang pagsunod nito. Nang makalabas ay pumuwesto siya sa upuang bakal sa kanilang maliit na hardin. Ganoon din ang ginawa ng binata at tinabihan siya. Nananatili sila roon nang ilang minuto nang walang nagsasalita.

“Tuloy ka na ba talaga?” simula nito.

Tango lamang ang sagot niya.

“Wala na ba talagang makakapagpabago sa isip mo? Wala lang ba talaga ko sa 'yo? Wala ba talaga kahit kaunti?”

“Anong klaseng mga tanong iyan, Jake? Alam mo na pinapahalagahan ko ang pagkakaibigan natin,” seryosong sagot niya. Nagbuhul-buhol yata ang utak niya. May iba siyang gustong isagot at sabihin, ngunit nag-aalala siyang hindi iyon ang tamang panahon.

“Mahirap bang sagutin iyon?”

“Nilinaw ko na sa iyo noon pa na wala kang aasahan sa akin. Hindi relasyon ang kailangan ko sa ngayon. Lahat ng nagbalak na ligawan ako kapag sinasabi kong wala silang aasahan sa akin tumitigil na sila. Pero ikaw di ko alam kung alin doon ang hindi mo maintindihan.” Sumisikip ang dibdib ni Sab habang sinasabi iyon. Nadudurog ang puso niya sa nakikitang nasasaktan ito.

“Huwag mo akong ikumpara sa kanila. Kasi iba ako, seryoso ako. Kapag sinabi kong ikaw lang, ikaw lang,” balik nito.

“Wala akong maibibigay ngayon para tumbasan lahat ng handa mong gawin para sa akin,” pahayag ni Sab.

“Hindi ako naghihintay ng kapalit, Sab,

kaya nga sabi ko maghihintay ako, di ba?” Pilit nagpapakahinahon si Jake.

“I don’t want you to wait. Tama na, puwede ba? Kapag umalis ako, magkakaroon ka ng pagkakataong makahanap ng... ng iba.” Nahirapan si Sab na tapusin ang pangungusap. Isipin pa lamang, parang hindi niya kayang makitang may kasamang iba ang binata.

“Ganoon talaga kababaw ang tingin mo sa nararamdaman ko sa ’yo? Na kapag umalis ka, mawawala rin ito? Sana nga. Sana nga pagkaalis mo, mawala na rin itong nararamdaman ko sa ’yo para di na ’ko nahihirapan nang ganito,” galit nang sagot ni Jake.

“Oo, ganoon kababaw lahat ng nararamdaman ng tao. Kapag di mo na ’ko nakikita, siguradong mawawala rin iyang nararamdaman mo. Huwag kang masyadong sigurado sa feelings mo. Nacha-challenge ka lang kasi lahat ng niligawan mong babae nagiging iyo. Challenge lang ako para sa iyo, kaya tigilan mo na ’to. Umalis ka na, wala nang patutunguhan itong pag-uusap natin. You will find someone na kayang ibalik lahat ng kaya mong ibigay,” litanya ni Sab na pinipigilang umiyak.

“You asked me kung bakit ikaw at kung ano’ng nagustuhan ko sa iyo? Bakit nga ba ikaw pa? Bakit sa

Maghihintay Ako - August Delgado

'yo pa? Alam ko naman na una pa lang wala na 'ko sa 'yo. Sana nga hindi na lang ikaw. Sana talaga..."
Tumayo na ito.

Pumasok ito sa bahay, marahil upang magpaalam sa pamilya niya.

Naiyak siya nang magdamag na iyon sa halip na matulog. Nasasaktan siya, malinaw iyon. Paulit-ulit man niyang itanggi, gusto rin niya ang binata.

Kung puwede lamang, hihilingin niya na hintayin siya nito. Pero dalawang taon na itong naghintay at unfair na paghintayin pa niya ito ng tatlong taon. Ayaw niyang maging makasarili. Karapatan nitong makahanap ng babaeng magmamahal dito. Kailangang magpatuloy ng buhay nito kahit wala siya. Wala siyang kayang ipangako kaya tama lamang na huwag niya itong paasahin.

3

Pagkalipas ng tatlong taon.....

“Lola, Mama!” sigaw ni Sab nang makita ang kapamilya sa airport.

I’m back to where my heart belongs.

May takot siyang nakapa sa dibdib. May bagay na nagdudulot sa kanya ng alinlangan. Sa loob ng tatlong taon, hindi lang ang pamilya niya ang namiss niya. Hindi lang ang mga ito ang dahilan ng kalungkutan niya.

Natatakot siyang makita si Jake ngayon na may kasamang iba. Baka ginawa nito ang bilin niya na humanap ng babaeng magmamahal dito.

“Anak, parang mas lalo kang gumanda,” saad ng inang si Glenda na hinawakan siya sa magkabilang braso mula sa pagyakap sa kanya.

“Ma, bolera ka na, ha,” sagot ng dalaga at napapikit nang ilang beses siyang halikan ni Lola Gracia.

“La, baka maubos naman ako niyan,” biro niya sa matanda.

“Aba, loko kang bata ka, ha. Na-miss lang kita,” natatawang sagot nito.

“Na-miss rin po kita, La. Kayo pong lahat,” sagot ni Sab at isa-isang hinalikan at niyakap ang kapamilya.

“Ate, dala mo na iyong pasalubong ko?” nakangiting tanong ng kapatid.

“Aba, oo naman. Binantayan mo ba sila dito? O baka nagpasaway ka lang?”

“Ate naman, ako pa ba? Good boy ako kahit tanungin mo pa sina Mama saka maayos rin ang mga grades ko. Ayokong umalis ka pa ulit kaya ginalingan ko,” pagyayabang ni Sean.

“Talaga? Mabuti naman. Binili ko lahat ng bilin mong ipasalubong ko sa 'yo.”

“Talaga, Ate? Ano-ano?”

“Mamaya mo na alamin. Umuwi na muna tayo, nakakapagod ang biyahe.” Makalipas ang mahigit isang oras na biyahe dahil sa traffic ay nakarating din sila sa kanilang bahay.

“Surprise!” Laking gulat niya nang pagbukas ng kanilang pinto ay naroon sa loob ang mga dating mga kaklase at ibang kamag-anak at kapit-bahay.

“Grabe. May pa-surprise pa. Salamat sa inyong lahat,” masayang sabi ni Sab.

May kulang sa mga naroon, mayroon siyang hinahanap. Nahihiya siyang magtanong sa kahit na sino kung nasaan ito. Marahil mula nang umalis siya ay hindi na rin nagpupunta rito ang binata.

“Lalo kang gumanda, Sab,” puri ni Melanie, isang dating kaklase. Nilapitan niya ang grupo nito para pasalamatan at kumustahin.

“Salamat sa pag-imbata, Sab,” sabat ni Carlo bago pa siya nakasagot. “Ang daming handa.”

“Ikaw, Carlo,” banat ni Melanie rito, “lalo kang nahilig sa pagkain.”

Natawa ang grupo.

“Sab!” tawag ng dating sumubok na manligaw na si Dave nang tumalikod na siya.

“O, Dave, kumusta? Salamat, nakapunta ka,” nakangiting saad ni Sab.

“Mabuti naman, salamat. Siyempre, pupunta ako. Parang reunion na din kasi natin. Ikaw? Kumusta ang France? Babalik ka pa ba?” tanong nito.

“Ayos lang din. Maganda roon, maayos ang buhay

pero hindi na ako babalik. Pangako ko kasi kay Lola, tatlong taon lang akong lalayo. Siguradong magagalit na iyon kapag umalis pa ako.” Malungkot sa ibang bansa, kahit pa napakagandang lugar ng France.

Saglit pa silang nag-usap ni Dave.

Pagkuwa’y nahagip ng tingin ni Sab ang lalaking kapapasok lamang sa kanilang bahay. Nakita siya nito, pero dumerecho ito kay Lola Gracia para magmano at bumati.

Parang kanina lang ay iniisip niya kung pumupunta pa ito rito, pero ngayon ay narito na si Jake. Alam kaya nito na ngayon ang dating niya kaya ito napadaan?

Nagpaalam siya sa kausap at sinabihan si Dave na kumuha ng dessert. Natagpuan ni Sab ang sarili na papasok sa kusina kung saan pumasok si Jake.

“O, hija, nariyan ka na pala. May dalang cake si Jake para sa ’yo,” saad ng kanyang Lola nang mapansin siya nito.

“Welcome back, Sab,” nakangiti ngunit tipid na bati ni Jake sa kanya. “Babalik ka pa ba ng France? Di bale huwag mo nang sagutin, hindi na kailangan.”

Hindi pa rin makaimik ang dalaga.

Mabuti na lang din at sinalo ni Lola Gracia at ni Sean ang usapan.

“Kumain ka na, Sab, para makapagpahinga ka na. Siguradong pagod ka pa sa biyahe,” sabi ng kanyang ina na kapapasok lang sa kusina.

Nagmano rito si Jake.

Tinanggap na ni Sab ang platong iniabot ng ina kahit wala pa siyang ganang kumain dahil na rin siguro sa jetlag. Mas may dahilan siya para huwag magsalita kung may lamang pagkain ang kanyang bibig.

“Sab, alam mo bang ang taas na ng posisyon ngayon si Jake. General Manager na siya sa isang malaking kumpanya. Nakakatuwa talaga itong batang ito,” pagbibida ni Lola Gracia.

“Talaga, Jake? Congrats,” sagot ni Sab upang makasali naman sa masayang pag-uusap ng mga ito.

Ngiti lamang ang isinagot ng binata sa kanya at bumaling na sa matanda.

“Mauuna na ho ako, La. Kailangan ko pa hong bumalik sa opisina. Sumaglit lang po talaga ako dito dahil baka magtampo na naman kayo,” pagpapaalam nito sa matanda.

Napasimangot si Sab sa narinig na dahilan ng

binata. Hindi pala siya ang dahilan ng pagpunta nito.

“O, siya. Mag-iingat ka, iyong laging bilin ko, ha. Salamat sa pagpunta,” sabi ng matanda.

“Oho,” sagot ni Jake, at hinalikan sa noo si Lola Gracia. “Mauna na ’ko, Sab, salamat sa pagkain,” kaswal na saad nito sa kanya.

“Salamat rin sa pagpunta. Ingat ka,” sagot ni Sab.

Agad na umalis ang binata pagkatapos.

Tinapos na ni Sab ang pagkain at nagpaalam na rin para umakyat sa kanyang silid. “Magpapahinga muna ako, Ma. Lola, Tita Nellie, kayo na po muna’ng bahala,” nakangiti ngunit matamlay na sabi niya kay Lola Gracia at sa ina ni Nicole.

Pagpasok sa silid ay ibinagsak ni Sab ang katawan sa kama. Damang-dama niya ang pagod.

Naalala niya si Jake. Marami nang nagbago rito. Mas lalo itong gumuwapo sa suot na long sleeve na itinupi hanggang siko at tila mas lumaki ang katawan nito. Hindi niya maiwasan ang humanga rito.

Naitanong niya kung may nobya na ba ito ngayon, lihim na idinarasal na sana ay wala pa, na sana hanggang ngayon siya pa rin.